Tagalog

## Ito po ang Memorial Society of BC

Ang Memorial Society of British Columbia (MSBC) ay isang pinagkakatiwalaang non-profit organization na itinatag noong 1956. 70 taon na kaming tumutulong sa mga tao na magplano at makakuha ng mga abot-kaya, simple, at marangal na mga serbisyo sa punerarya.

Nakikipagpartner ang MSBC sa mga pinagkakatiwalaang punerarya sa buong province na pagmamay-ari ng mga taga-BC. Kapag sumali kayo sa MSBC, magkakaroon kayo ng access sa mga mas abot-kayang serbisyo sa punerarya at sa pagrekord ng inyong mga kagustuhan.

**Bakit mainam na sumali**

- Makatitipid kayo: Ang mga miyembro ng MSBC ay makatitipid nang 10-15% sa mga gastos sa punerarya.
- Marerekord ninyo ang inyong mga pangwakas na kagustuhan: Mapapanatag ninyo ang inyong kalooban at mababawasan ang stress para sa inyong pamilya at mga kaibigan.
- Suporta at Resources: Mga mahabagin at ekspertong staff na tutulong sa inyo at sa inyong minamahal sa buhay.
- One-time fee: $50 lamang bawat tao para sa isang lifetime membership.

**Paano sumali**

May dalawang paraan para sumali:

1. **Online** – bisitahin ang aming website www.memsoc.org at punan ang membership form sa ilalim ng ‘Join Now’.
2. **Sa telepono** - tawagan ang aming office sa 1-888-816-5902 o sa 604 733-7705 sa mga regular na oras ng opisina, Lunes hanggang Biyernes, 10am – 4pm at may tutulong sa inyo.

Oras na sumali kayo ay ipapadala sa inyo ang membership package sa email (o kaya mail).

Mangyaring tandaan:

- Ang MSBC membership ay hindi isang prepaid funeral contract ngunit nagbibigay ito ng access sa discount pricing sa pamamagitan ng aming funeral provider partners.
- Tandaang sabihin sa inyong executor at pamilya na kayo’y miyembro ng MSBC para masigurado na makakakuha ng mas mababang presyo sa inyong pagkamatay.

Kung mayroon kayong mga katanungan, tawagan ang mga numero sa itaas, o mag-email sa info@memsoc.org.

*Ang Memorial Society of BC ay nangangakong paglingkuran ang iba't ibang kultura sa BC. Gayunman, sa kasalukuyan ay Ingles lamang ang wikang aming ginagamit. Kung kakailanganin ninyo ng tulong sa Ingles, maaari kayong humingi ng tulong sa isang kapamilya o kaibigan.*

**MEMORIAL SOCIETY *of* BRITISH COLUMBIA**
949 West 49th Avenue, Vancouver BC V5Z 2T1
www.memsoc.org Tel: 604-733-7705, 1-888-816-5902